# MINERS

# Jasper

## Ika-Walong Aklat

Pag-aari ni: ____________________________________________

*Pangalan ng Minero*

Kumusta, mga minero!

Tayo ay nasa ika-walo at panghuling aklat. Ako ay nanalangin na ang mga aklat na ito ay nagbigay sa inyo ng pagka-uhaw para pag-aralan ang salita ng Dios. Sa huling aklat na ito ay titingnan natin ang mga liham ni Apostol Pablo at ang kanyang mga "pakiusap" mula sa Dios para sa Kanyang iglesya. At atin ding titingnan kung bakit tayo naniniwala na ang salin ng King James Bible ang Salita ng Dios para sa atin.

**Pastor Buck**

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Minero.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:

www. **grace-harbor-church.org**
Gary & Lynda Miller
2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.
Phone: 847-640-8422
Karapatan ng Pagpapalimbag 2003

Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores** at sinuri/isinaayos ni **Pastor Val B. Tanierla** ng **Labo, Camarines Norte, Philippines**.

# ANG

# PAGLALAKBAY

# NI

# BOB AT BETTY

## Ang Ahas

***(Note: Insert and paste a short story from the Miner's book no. 8)***

## Minero - Unang Aralin

Sa wakas umabot na tayo sa ika-walong aklat. Sa wakas ay naabot natin ang pinakadulo ng seryeng ito ng mga Minero. Sa wakas ay natapos natin ang layunin na gusto nating magawa. Nakukuha mo na ba ang ideya na titingnan natin ang salitang, "Sa wakas"? Oo!

Ginamit ni Pablo ang salitang "sa wakas" ng limang beses sa kanyang mga liham. Maglalaan tayo ng panahon at titingnan natin ang bawat isa na salitang ginamit ni Pablo na "sa wakas".

Ang unang paggamit ng salitang "sa wakas" ay matatagpuan sa 2 Corinto 3:11.

**Talatang Sasauluhin** - 2 Corinto 3:11

"Sa wakas" - pinakahuli, o nasa huling bahagi, ang konklusyon.

Mahal ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto. Tinawag niya silang __________________. Ginamit ni Pablo ang salitang mga kapatid ng may isandaang beses. Pinahahalagahan ng Dios ang pagiging kabilang natin sa Kanyang pamilya. Ang Katawan ni Cristo ang pinakamahalagang pag-aari ng Dios sa mundo.

Basahin ang 1 Corinto 12:12-27. Saan inihalintulad ng Dios ang Katawan ni Cristo? _________________________________

Saglit nating isipin ang ating katawan. Tingnan mo ang bawat bahagi na magkakasamang gumagawa; ang bawat bahagi ay gumagalaw at kumikilos para sa kabutihan ng katawan. Ito ang dapat nating pagtingin sa Katawan ni Cristo.

Basahin ang Roma 12:3-16. Ilista ang limang (5) makadios na pag-uugali ng mga banal para sa isa't-isa mula sa mga talatang 9-16.

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________
4. ________________________________________
5. ________________________________________

May plano na ang Dios bago pa likhain ang sanlibutan upang buoin ang Katawan ni Cristo. Ang mga tinawag (sa pamamagitan ng ebanghelyo, salita ng Dios) na grupo ng mga tao na magiging Kanya.

Efeso 1:5, 11 - "Na tayo'y __________________ Niya nang una pa sa ____________________ na tulad sa mga anak…" Tayo, ang Katawan ni Cristo, ay _____________________ ng Dios ayon sa Efeso 1:14. Binili sa pamamagitan ng _______________ ayon sa 1 Corinto 6:20. Ang Katawan ni Cristo ay ____________________ ng Dios ayon sa Efeso 1:18. Ang tagapagmana ay ang mga mananampalataya, ang Katawan ni Cristo, para sa Dios, hindi lamang bilang mana. Ngunit nakikita tayo ng Dios na "ang mga kayamanan ng _______________________ Kaniyang pamana sa mga banal."

Hindi tayo dapat magkaroon ng pag-uugali na magsarili, itakwil ang iba, "na hindi kailangan" ang iba pang miyembro ng Katawan ni Cristo. Dapat nating tingnan ang Katawan ni Cristo ayon sa pagtingin ng Dios at tayo ay magiging produktibong miyembro ng Kanyang katawan.

Basahin ang Efeso 4:15,16 - talatang 16 - “Na mula sa Kaniya'y ang buong ______________ ay sama-samang ________________ na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng ____________ kasukasuan, ayon sa __________________ ng bawa't sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa _____________________ ng kaniyang sarili sa _______________.”

Sa wakas, mga kapatid, paalam.

Paalam ay nangangahulugan na hindi lamang basta pagpapaalam, magkita tayong muli. Sinasabihan ni Pablo ang mga taga-Corinto na gumalaw (umusad ng paabante), mabuti (ayon sa tamang paraan) na walang iba kundi ang kabanalan.

Si Pablo ay gumawa ng dalawang (2) liham ng pagtutuwid at pagkastigo sa kanila, at hindi sigurado si Pablo na ang mga taga-Corinto na namumuhay sa laman ay magiging mabuti ang kalagayan bilang resulta. Tingnan ang 2 Corinto 12:14-21 at 13:1-14.

Paano kaya maka-abante ang mga taga-Corinto sa tamang paraan pagkatapos nilang mabasa ang mga talatang tumutukoy sa kanilang kondisyon? Katulad din natin. Kapag ating babalikan ang mga liham na isinulat ni Pablo at mababasa natin ang mga maluwalhating katotohanan na kanyang inihayag. Sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto sa 2 Corinto 1:24 na siya ay tagatulong sa kanilang __________________. Ang Salita ng Dios ay ang ibinigay ng Dios para sa Kanyang iglesya para kumilos ng paabante.

Roma 15:13 - “Ang Dios ng pag-asa ay puspusin kayo ng buong _________________ at __________________ sa _____________________, upang kayo'y _____________ sa ___________ sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.”

Sa wakas, mga kapatid, paalam.

Sa isang iglesya na puno ng pagkakahati-hati, hindi mabait, nag-iinggitan, nagsisiraan at marami pang iba, ipinaalala ni Pablo sa kanila ang pagiging isa kay Cristo at ang kagalakan na pwede silang umabante habang sila ay nananampalataya at hinahayaan ang Salita ng Dios na kumilos sa kanilang mga buhay.

Sa pangalawang aralin ay ipagpapatuloy natin ang talatang ito at makikita natin kung ano pa ang gustong ipaabot ng Dios sa pamamagitan ng sinabi ni Pablo.

**Ilagay ang pangalan at petsa _____________________________________________**

## Minero - Pangalawang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 2 Corinto 12:9,10

Habang ipinagpapatuloy ni Pablo ang konklusyon sa mga taga-Corinto ay tinuruan niya sila kung paano "magpapaalam"; aabante ng pasulong sa tamang paraan.

1. Maging sakdal (o perpekto). Nais ng puso ni Pablo sa mga taga-Corinto na sila ay maging mga sakdal. Sa talatang 9 ay nais niya na sila ay maging malakas, sa kabila ng kanilang _________________.

Nais niya sa bawat mananampalataya ayon sa Colosas 1:28 - "…sa buong karunungan, upang maiharap namin ____________ tao na __________ kay Cristo." Kung ating babalikan ang 2 Corinto 13:11 ay nais ni Pablo ang pagiging sakdal ng mga mananampalataya.

Ang sakdal na mananampalataya ay iyong lumalakad sa ___________________ buhay na binabanggit sa Roma 6:4. Ang mananampalataya na __________________ sa Espiritu, sa Efeso 5:18, na manatili ang ______________ ni Cristo _________________ ng sagana sa buong ______________________, ayon sa Colosas 3:16.

Magiging mabuti ang ating karanasan habang tayo ay umaabante papunta sa kasakdalan.

2. Pangalawa, sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto na "mag-aliwan kayo".

Ang ibig bang sabihin ni Pablo sa mga mananampalataya ay kumuha ng kumot, isang baso ng mainit na tsokolate, at pumunta sa fireplace? Hindi ganun ang iniisip ko. Basahin ang 2 Corinto 1:1-5. Sa talatang 3, ang Dios ay tinawag na "Dios ng ________________". Sinasabi ni Pablo sa mga mananampalataya na tumingin sa Dios upang sila ay bigyan ng lakas ng loob, kalakasan at kakayahan para kumilos at umabante.

Tingnan ang 2 Corinto 12:9,10. Kapag wala ka ng magagawa sa pamamagitan ng iyong sarili ay ito ang perpektong lugar upang malaman mo na ang ________________ ng Dios ay sapat, upang ang ________________ ni ____________ ay manahan sa akin. Ang ibinibigay ng Dios sa pamamagitan ni Cristo ay lalong nahahayag kapag tayo ay mahina.

Filipos 4:13 - "Kaya kong gawin lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni _________ na ____________________ sa akin."

2 Timoteo 4:17 - "Gayonman, ang Panginoon ay _______________ kasama ko, at ako'y _________________…"

2 Corinto 3:5 - "Hindi sa kami ay ___________ na sa aming sarili… kundi ang aming ______________ ay mula sa Dios."

3. Pangatlo, ang sabi ni Pablo ay "magka-isa ng pag-iisip".

Tingnan ang 1 Corinto 3:3,4. Ang mga taga-Corinto ba ay may isang pag-iisip?

Basahin ang 2 Corinto 12:20. Ang mga taga-Corinto ba ay may isang pag-iisip?

Basahin ang Roma 15:5,6. Ano ang isa pang salita para sa isang pag-iisip ayon sa talatang 5? ________________________

Basahin ang 1 Corinto 1:10. "...na kayong lahat ay magsalita ng isa lamang na bagay, at hindi magkaroon sa inyo ng __________________________; kundi kayo'y lubos na _________________ sa isa lamang na _________________ at isa lamang na paghatol."

Ang pagkakaroon ng isa lamang pag-iisip ay walang kaugnayan sa ating pagkakaisa tungkol sa panahon, sa pagkain na gusto nating kainin, sa mga laro na nais natin. Ito ay tumutukoy sa mga DOKTRINA na ating pinaniniwalaan.

Filipos 1:27 - "...upang kayo'y manindigan sa isang espiritu, na nagkakaisa ng ________________ sa pagsusumikap ukol sa pananampalataya tungkol sa ________________." Ang sama-samang pag-abante na may kagalakan ang magiging resulta ng pagkakaisa sa doktrina.

4. Ang pinakahuling sinabi ni Pablo ay "mamuhay ng may kapayapaan".

Basahin ang Roma 14:19 - "Kaya nga sundin natin ang mga bagay na magdudulot ng __________________________, at ang mga bagay na _________________ sa isa't isa."

Hindi sinabi ni Pablo na umatras na sa espiritwal na pakikibaka sa Efeso kabanatang 6, kung saan ang mga mananampalataya ay inutusan na isuot ang buong _______________ ng Dios o di kaya ay maging AWOL (Absent Without Official Leave) mula sa pakikibaka ng mabuting _________________________ na binabanggit sa 2 Timoteo 4:7 o di kaya ay umalis sa ating posisyon bilang ______________________ ayon sa 4 Timoteo 2:4.

Kailangan natin na manatili sa labanan ng pananampalataya. Kapag sinabi ni Pablo na "mamuhay ng may kapayapaan", ang tinutukoy niya ang pag-uugaling may kapayapaan ayon sa Roma 14:19; na hindi natin ipagpipilitan ang ating sariling kagustuhan.

Basahin ang Roma 14:1-23; 15:1-7.

Basahin ang Roma 12:10 - "Sa pag-ibig, ay ___________________ kayo mga kapatid; sa kapurihan ay _________________ ng isa't isa ang iba;" at Filipos 2:3 - "...na isaisip ng bawa't isa na lalong mabuti ang __________ kay sa kanilang mga ____________."

Kung ito ang nasa kaisipan ng mga taga-Corinto (at ganundin tayo) sila ay makaka-abante sa tamang paraan - kabanalan. Maliit ba ang tingin mo sa iyong sarili o sa ibang mga mananampalataya na namumuhay na walang kabanalan?

Ganoon na lang pagnanais ni Pablo na makita ang mga taga-Corinto, "Paalam!" Hindi siya natutuwa na makita ang kanilang pagiging maka-laman. Ngunit si Pablo ay hindi natalo sa halip ay pinalakas ang loob nila at sinabihan na umabante patungo sa kabanalan!

**Ilagay ang pangalan at petsa ________________________________________________**

## Minero - Pangatlong Aralin

2 Corinto 13:11 - "…at ang Dios ng pag-ibig at ng kapayapaan ay sasa inyo."

Kung meron mang kulang sa mga banal na taga-Corinto, ito ay ang pag-ibig at kapayapaan. Nakita natin kung paano nila tinatrato ang bawat isa ayon sa 2 Corinto 12:20. Ilista ang tatlong bagay na ito:

1. ___________________________________
2. ___________________________________
3. ___________________________________

Sa 1 Corinto 1:10, may _______________________ sa kanilang kalagitnaan.

Sa 1 Corinto 3:3, hindi lamang may pagkakabaha-bahagi, ganundin ang ____________________ at __________________.

Ang mga banal sa Corinto ay hindi larawan ng pag-ibig at kapayapaan na dapat sana ay taglay nila.

Habang tinatapos ni Pablo ang kaniyang liham para sa kanila, hindi niya sila itinutulak sa "ring" at sinabing "galingan pa ninyo", o di kaya ay "subukan pa ninyo". Hindi! Itinuro niya sa kanila kung sino ang pinagmumulan ng lakas at kapangyarihan na Siyang magbibigay sa kanila ng kakayahan upang umabante papunta sa kabanalan.

Sinabi niya sa 2 Corinto 13:11 - ""…at ang Dios ng _____________ at ng __________________ ay sasa inyo."

Ito ang nais ni Pablo na malaman ng lahat ng mananampalataya ang kahanga-hangang katotohanan.

Sa Roma 15:33, sinabi niya sa mga mananampalataya na nasa ______________, Roma 1:7. Sa Filipos 4:9, ito rin ang sinabi niya sa mga mananampalataya na nasa _________________, Filipos 1:1.

Sa 1 Tesalonica 5:23, sinabi niya rin ito sa mga mananampalataya sa ____________________, 1 Tesalonica 1:1.
Ito ang maluwalhating katotohanan para sa lahat ng mga banal.

Ang Dios ng pag-ibig at kapayapaan!

Efeso 2:4 - "Nguni't ang Dios, dahil Siya'y mayaman sa awa, ________________ ____________ ang _______________ Niya sa atin."

Roma 5:8 - "Ngunit ipinakita ng Dios ang Kaniyang ________________ sa atin, na kahit na tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay _________________ dahil sa atin."

Juan 3:16 - "Sapagka't gayon na lamang ang __________________ ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Ang Dios ng pag-ibig! Ang Dios, na Siyang pag-ibig, na Siyang bukal ng pag-ibig, at Siyang pinagmumulan ng pag-ibig.

Ang Dios ng kapayapaan!

2 Tesalonica 3:16 - “Ngayon ang Panginoon mismo ng kapayapaan ay bibigyan kayong lagi ng ________________ sa _________ ng paraan. Ang Panginoon ay _________________ lahat.”

Tinapos na ng Dios ang pagkaka-alit sa pagitan ng mga Judio at Hentil, ang Kautusan at pagkakabahagi o paghihiwalay.

Efeso 2:14,15 - “Sapagka't Siya ang ating ________________, Kaniyang _____________ ang dalawa, at iginiba ang pader na nasa gitna sa pagitan natin, Na inalis ang pagkakaalit sa pamamagitan ng Kaniyang laman, kahit ang mga kautusang napapaloob sa mga palatuntunan; upang sa dalawa ay lalangin sa Kaniyang sarili ang isang _________ _______ , sa ganito'y ginawa ang __________________.”

Ito ay ang Dios ng kapayapaan na ipinagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang sarili.

2 Corinto 5:19 - “Ang ibig sabihin ay ito, na ang Dios na nakay Cristo, ay _______________ ang sanglibutan sa Kaniyang sarili, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo.”

Hindi ang ating kakayahan na umibig at maging mapayapa ang ipinakikiusap ng Dios. Galacia 5:22,23 - “Datapuwa't ang ___________ ng _____________ ay ___________, katuwaan, ________________, pagpapahinuhod, ___________________, ______________, pananampalataya, ________________, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.” Ang bunga (kung ano ang produkto ng Espiritu sa ating mga buhay) ay galing sa Espiritu. Ang Dios na Banal na Espiritu ang Siyang pinagmumulan ng pag-ibig at kapayapaan.

Ipinaalala ni Pablo sa mga banal na taga-Corinto na ang hindi masukat, walang kapantay, na pag-ibig ng Dios ay ______________. Ang Dios ay sumasaiyo! Hindi na natin kinakailangang magpadala ng senyales upang matukoy tayo ng Dios.

Colosas 1:27 - “… ito'y si Cristo na ________ inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.”

Colosas 3:3 - “Sapagka't kayo'y namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong __________ ni Cristo _____ Dios.”

Galacia 2:20 - “...kundi si Cristo ang _________________ _____ akin...”

1 Corinto 6:19 - “Ano? hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay __________ ng Banal na Espiritu na _________ inyo...”

Sino ba naman ang hindi “makaka-abante” dahil sa makapangyarihang katotohanang ito na tumutunog sa kanilang mga puso?

2 Corinto 13:11 - “Sa wakas, mga kapatid, paalam na. Maging ganap kayo; maaliw kayo; magkaisa kayo ng pag-iisip; mamuhay kayo sa kapayapaan: at ang Dios ng pag-ibig at ng kapayapaan ay sasa inyo.”

Sumampalataya ka sa Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Maniwala ka na Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kakayahan upang ang Kaniyang mga anak ay mamuhay para sa Kaniyang kaluwalhatian.

Filipos 1:6 - “Ako'y _________________ sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa, ay gagawin yaon hanggang sa araw ni Jesucristo.”

**Ilagay ang pangalan at petsa ________________________________________________**

# <u>Minero - Pang-Apat na Aralin</u>

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 6:10

Habang tinatapos ni Pablo ang kanyang liham sa mga taga-Efeso ay matatagpuan natin ang pangalawang "<u>sa wakas</u>."

Basahin ang Efeso 6:11 hanggang sa huling bahagi ng kabanata. Malayo sa kaisipan ng marami na ang buhay Cristiano ay parang nasa kama ng mga rosas, sinabi ni Pablo na dapat maghanda sa pakikibaka. Ang mga mananampalataya ay nasa pakikipagdigma sa kaaway. Sa talatang 11 ang kalaban ay ang ________________. Sa talatang 12 ang kaaway ay _______________ at sa ___________________ ng ________________ ng sanlibutang ito. Ito ay paglalabang espiritwal. Ito ay matinding pag-atake mismo ni Satanas para matalo, wasakin at maging talunan sa espiritwal.

Handa ka na ba sa pakikipaglaban sa diablo?

Sa talatang 16 ay makikita natin na ang masamang kalaban ay ginagamit ang ______________ __________________. Handa na ba kayo para patayin ang mga iyon?

Tingnan ang salitang "patayin" sa diksyunaryo. Ang ibig sabihin nito ay ________________.

Ang mga nagniningas na palaso ay papunta sa atin. Ang palaso ay isang sandata. Ang nagniningas na palaso ay matinding makapaminsala. Ito ay ang mga palaso ng masama na nakapuntirya sa atin upang wasakin ang ating pananampalataya, pamumuhay, at kakayanan na makagalaw ng maayos para sa kaluwalhatian ng Dios.

Ito ay lubhang nakakatakot, hindi ba? Hindi nais ng Dios na tayo ay tumatakbong natatakot, sa halip ay may katiyakan at handa para sa pakikidigma.

Ang Dios ay binigyan tayo ng __________________ ayon sa Efeso 6:11. Oo, isang kumpletong baluti (ang baluti ay ang mga doktrina ng biyaya) at may sandata, ang tabak ng Espiritu, na siyang ____________ ng ___________, talatang 17.
Upang tayong mga mananampalataya ay maging mapagtagumpay sa espirtwal na pakikipagbakang ito ay dapat nating bigyan ng atensyon ang panuntunan ng Dios sa pangalawang pagkagamit ng salitang "sa wakas".

Sinabi ni Pablo na "magpakalakas". Nangangahulugan ito ng aksyon sa bahagi natin.

Kung paanong ang pisikal na kalakasan ay nagmumula sa pisikal na pag-eehersisyo, kung kayat ang espiritwal na kalakasan ay nagmumula naman sa "espiritwal na pag-eehersisyo".

Sa Efeso 3:16, nanalangin ni Pablo na kayo ay "…__________________ ng ________________ sa pamamagitan ng kaniyang ______________ sa pagkataong ___________."

Sa Colosas I: 11 ay ating mababasa, "Na kayo'y _____________________ ng may buong ___________________, ayon sa Kaniyang maluwalhating ___________________…"
Filipos 4:13 - "Kaya kong gawin lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Cristo na ____________________ sa akin."

Hindi magandang dahilan ang maging isang “mahinang” mananampalataya. Ngunit tayo ay mga “mahinang” mananampalataya. Basahin ang 1 Corinto 3:1-4. Sa talatang 1, ang mga makalamang Cristianong ito ay tinatawag na ______________________. Sa talatang 2, sila ay pinapainom ng ____________ hindi ng _________________. Sa talatang 3, sila ay tinatawag na sa “______________ at lumalakad bilang _________________.”

Ang mga mananampalataya ay malakas “dahil sa Panginoon.” Ipinaliwanag ni Pablo kung ano ang ibig sabihin ng “malakas dahil sa Panginoon.” sa 2 Timoteo 2:1 - “Ikaw nga, anak ko, ___________________ ka sa _______________ nasa kay ___________ __________.”

Naaalala ko iyong sinabi ng Panginoon kay Josue. Josue 1:5-7 - “…kung paanong ako'y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo: Hindi kita iiwan ni pababayaan kita.” Talatang 6 - “_____________________ ka at __________________ na mabuti…” Talatang 7 - “___________________ ka lamang at ___________________ na mabuti…” Ang gawain ni Josue ay pangunahan ang mga Israelita papasok sa lupain ng Canaan. May mga kalaban sa Canaan na susubukin na palayasin sila doon.

Ang mga Israelita ay nagustuhan ang pagtatagumpay sa pagkatalo ng mga kaaway sa lupain ng Canaan. Basahin ang Josue 11:16-23, Talatang 23 - “Gayon sinakop ni Josue ang _____________ ______________ ayon sa lahat na sinalita ng Panginoon kay Moises… At ang lupain ay nagpahinga sa pakikipagdigma.” Ngunit marami pang mga lupain na dapat nilang sakupin. Josue 13:1 - “Si Josue nga'y matanda at puspos ng mga taon; at sinabi ng Panginoon sa kaniya, Ikaw ay matanda at puspos ng mga taon, at may nalalabi pang ____________ ______________ _______________ na aariin.”

Pagkatapos na mamatay si Josue, ang mga Israelita ay sumuway sa pagsunod sa Dios.

Mga Hukom 2:8-15, talatang 13 - “At kanilang __________________ ang __________________, at naglingkod kay Baal at kay Astaroth.”

Ang kasaysayan ng mga Israelita ay tungkol sa pagkatalo at pagkaalipin kay Satanas. May mga panahon ng kapayapaan at pagtatagumpay, ngunit sa huli ay kanilang kinalimutan ang Dios at kanilang ipinako sa krus ang Mesias.

Tinanggihan ng mga Israelita ang kapangyarihan ng Dios dahil sa kanilang pagsuway.

Ang iglesya, ang Katawan ni Cristo, ay sumusunod din sa ganoong landas.

1 Timoteo 4:1 - “Ngayon ang Espiritu ay nagsasalita ng malinaw, na sa mga huling panahon ang iba'y __________________ sa ____________________, at makikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonyo,”

2 Timoteo 4:3 - “Sapagkat ang panahon ay darating, na hindi nila ___________________ ang ____________ ________..”

2 Timoteo 4:4 - “At kanilang __________________ ang kanilang mga tainga mula sa pakikinig sa ______________________…”

Tanging ang paninindigan sa biyaya na nasa Panginoong Jesu-Cristo lamang kaya tayo magiging handa laban sa diablo.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________________________

# Minero - Pang-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Filipos 3:1

Basahin ang liham sa mga taga-Filipos - mayroon lamang itong 4 na kabanata.

Dito ay makikita natin ang ika-tatlong pagkakagamit ng salitang “sa wakas”.

Si Pablo ay nasa ___________________ nang kanyang isulat ang liham sa mga taga-Filipos (Filipos 1:13-16).

Siya ay nasa bilangguan; hindi dahil sa ilang kasamaan na kanyang ginawa, ngunit siya ay nalalagay sa ____________________ ng ___________________, ayon sa Filipos 1:17.

Ipinangaral ni Pablo si Cristo ayon sa kapahayagan ng lihim at dahil dito ang mga pinuno ng relihiyon noon ay nagalit. Ating balikan kung ano ang nangyari kay Pablo nang siya ay unang nangaral ng ebanghelyo doon sa mga taga-Filipos.

Basahin ang Mga Gawa 16:12-40. Wow! Matinding panganib at kakaibang pagbisita iyon!

Sa talatang 19, makikita natin ang mga pagano na hinahanap si Pablo. Sila ay nagpasimula ng kaguluhan at kanilang pinalo sina Pablo at Silas, at ipinatapon sila sa bilangguan. Pagkatapos ay nagkaroon ng isang malakas na ______________ sa talatang 26 at ang kanilang paglaya sa talatang 40. Sino ang naging unang mananampalataya sa Filipos? ___________________ (Mga Gawa 16:14).

Sino ang nagpatuloy kina Pablo pagkatapos na siya ay mapalaya mula sa bilangguan? ________________ (Mga Gawa 16:40).

Marami ang naging mananampalataya sa Filipos dahil sa pagbisita ni Pablo.

Nabalitaan nilang si Pablo ay muling nakulong sa Roma. Sinabi ni Pablo na siya ay handa na maging _______________ dahil sa sakripisyo at paglilingkod ng kanilang pananampalataya ayon sa Filipos 2:17. Si Pablo ay handang ibigay maging ang kanyang buhay para maipangaral ang ebanghelyo.

Sa palagay mo ba na ang lahat ng kahirapang iyon at hindi magandang kalagayan ni Pablo ay naging dahilan upang ang mga mananampalatayang taga-Filipos ay malungkot? Oo / Hindi

Ipinaalala ni Pablo sa kanila ayon sa Filipos 3:1 na dapat nilang hanapin ang kagalakan sa ___________________. “Sa katapustapusan, mga kapatid ko, __________________ kayo sa Panginoon…”

Tingnan ang salitang “magalak” sa diksyunaryo. Ang ibig sabihin nito ay ________________ _____________________________________________________________________________________.

Ang salitang magalak ay tumutukoy sa buhay na may kagalakan; ang galak na ipinapahayag at ang resulta ay malaking kagalakan sa puso.

Wala ng iba pang magiging dahilan ng kagalakan sa buhay ng mga mananampalataya maliban sa Panginoon.

Inutusan tayo ni Pablo na magalak sa ____________________, Filipos 3:1.

Ano ang ibinubunga ng kagalakan sa Panginoon? Ang ating buhay Cristiano ay dapat na ipamuhay na may pusong nagagalak sa Panginoon. Deuteronomio 12:18 - "… at ______________________ mo sa harap ng Panginoon mong Dios, ang lahat ng kalagyan ng iyong ________________."

Ang mga Israelita ay hindi naglingkod sa Panginoon ng may ___________________ at may ____________________ ng puso… ayon sa Deutoronomio 28:47.

Ang paglilingkod sa Dios na mula sa puso na may kagalakan ang nais ng Dios. Ang pusong may kagalakan ang gusto ng Dios.

Ang pusong may kagalakan ay nagmumula sa pagbibigay ng halaga sa __________________ ng Dios ayon sa Roma 15:9 at Roma 12:1, ang ______________________ ng Dios. Ang malambot, may kahabagan at mapagmahal na mga gawa ng Dios ay aagos sa ating mga kaluluwa at magre-resulta sa kagalakan.

Ito ang sinabi ni Isaias sa mga Israelita sa Isaias 61:10 - "Ako'y _______________ na mainam sa PANGINOON, ang aking kaluluwa ay __________________ sa aking Dios; sapagka't __________________ Niya ako ng mga damit ng _________________; Kaniyang tinakpan ako ng __________________ ng __________________…"

Ang kagalakan at pagpapasalamat ay laging magkasama.
Mga Awit 97:12 - "________________ kayo sa __________________, kayong mga matuwid; at ______________________…"

Ang kagalakan, pagpupuri, awitin at pagkanta ay magkakasama.
Mga Awit 33:1-4 - "___________________ kayo sa _________________, Oh kayong mga matuwid: ___________________ ay maganda sa ganang matuwid." Talatang 2, "Kayo'y __________________ ninyo ang PANGINOON na may ______________: _________________ kayo ng mga _______________ sa Kaniya na may_________________ na sangpung kuerdas." Talatang 3, "__________________ kayo sa Kaniya ng bagong awit; magsitugtog kayong ________________ na may __________________ ingay."

Ang tamang doktrina na nabuo sa ating mga kaluluwa ay ang resulta ay kagalakan.

Basahin ang panalangin ni Ana sa 1 Samuel 2:1-10.

Si Ana ay nagpuri sa Dios para sa kaligtasan at pagliligtas na alam niyang ipinangako ng Dios.

Ganundin ang sinabi ni Maria sa Lukas 1:46-56. Ang tamang doktrina sa dalawang babaeng ito ay ang naging resulta ay kagalakan.

Ito ang sinabi ni Pablo sa mga banal na taga-Filipos na ituon ang kanilang mga pag-iisip sa Panginoon.

"Sa katapustapusan, mga kapatid ko, ____________________ kayo sa Panginoon."

Kung ang pundasyon ng ating kagalakan ay nasa Panginoon, walang anumang problema, mga pag-uusig, or anumang pangyayari na makakapawala o makakasira nito.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ___________________________________________

**Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan**

**Unang Aralin**

2 Corinto 13:11

**Pangalawang Aralin**

2 Corinto 12:9, 10

**Pangatlong Aralin**

Galacia 5:22, 23; Filipos 1:6

**Pang-Apat na Aralin**

Efeso 6:10

**Pang-Limang Aralin**

Filipos 3:1

**Ilagay ang pangalan at petsa** _______________________________________________

# Minero - Pang-Anim na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Filipos 4:8, 9

Ang ika-apat na “sa wakas” ay ating matatagpuan sa Filipos 4:8.

Inilista ni Pablo ang 8 bagay na gusto niyang ________________ ng mga banal.

Ilista ang 8 bagay na ito:

| | |
|---|---|
| _____________________________ | _____________________________ |
| _____________________________ | _____________________________ |
| _____________________________ | _____________________________ |
| _____________________________ | _____________________________ |

Ang mga bagay na ating iniisip ay mahalaga! Nais ng Dios na sa mga bagay na ito nakatuon ang ating kaisipan.

Kung ang mga bagay na laman ng ating isip ay hindi umaayon sa 8 bagay na ito, dapat ay pawiin at alisin na natin ito.

Tingnan nating isa-isa ang 8 bagay na ito. Ang mga bagay na:

**Katotohanan**

2 Samuel 7:28 - “At ngayon, Oh Panginoong DIOS, ikaw ay Dios at ang iyong mga ___________ ay ________________…”

Mga Awit 119:160 - “Ang iyong salita ay ________________ buhat pa sa _______________…”

Alam ko na ang mga tao na naniniwala na ang isang bagay ay katotohanan ay dahil ito ang kanilang “iniisip.” Kamakailan, may isa akong kaibigan na hindi mananampalataya ang nagsabi sa akin, “Alam ko na ang Dios ang nag-iingat ng lahat ng bagay para sa akin.” Nang tanungin ko kung bakit ganoon ang pagkakaalam niya ay ito ang kanyang naging sagot, “Ito ang nararamdaman ko.” Ang kanyang kaisipan ay totoong hindi nakabase sa katotohanan ng Salita ng Dios. Ang mga bagay na totoo ay tapat (karapat-dapat na paniwalaan). Ito walang bahid ng kasinungalingan. Ito ay totoo.

1 Tesalonica 2:13 - “…kundi, ayon sa _____________________, ang salita ng _________…”

2 Timoteo 2:15 - “…na hinahati ng tama ang salita ng katotohanan.”
Ang ating isipan ay hindi dapat na mag-isip ng mga bagay na hindi ayon sa katotohanan ng salita ng Dios. Patatagin mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng katotohanan.

Efeso 6:14 - “Tumindig kayo, na may bigkis ng ____________________…”

**Tapat**

2 Corinto 8:21 - “__________ na nagbibigay ng mga bagay, hindi lamang sa paningin ng ________________, kundi naman sa paningin ng mga ___________.” Ang mga bagay na kapuri-puri, walang anumang pandaraya. Ang mga bagay na pwedeng tumayo o manatili sa harap ng Dios. Ang pandaraya, pagsisinungaling, pakikipagsabwatan, hindi parehas, kalahating katotohanan, ang lahat ng ito ay kabaliktaran ng pagiging tapat.

Roma 13:12, 13 - “Ang gabi ay matatapos na, at ang araw ay malapit na: ______________ nga natin ang mga gawa ng _________________, at ating isuot ang mga _______________ ng __________________. Magsilakad tayong may _________________, gaya ng sa araw; huwag sa katakawan at paglalasing, huwag sa kalibugan at sa kahalayan, huwag sa mga pagkakaalit at inggitan.”

Ang mga kaisipan na ayon sa kung ano ang kalagayan natin kay Cristo ang dapat na pumuno sa ating kaisipan upang maipamuhay natin ang mga ito.

**Matuwid**

Kung ano ang tama na ayon sa tinatawag ng Dios na “matuwid.”

2 Samuel 23:3 - “…Dapat ________________ ang namumuno sa mga tao, Na mamamahala na may _____________ sa ____________.”

Si Cornelio ay ipinapalagay na matuwid na tao sapagkat ayon sa Mga Gawa 10:22 - “At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong _______________ at may ___________ sa Dios…”

Matuwid - Kung ano ang tama at wasto.

Colosas 4:1 - “Mga panginoon, ibigay ninyo sa inyong mga alipin ang ________________, at __________________…”

Namumuhi ang Dios sa hindi wastong timbangan. Ang balanse ay ating ginagamit para timbangin ang mga bagay katulad ng paggamit natin sa timbangan.

Levitico 19:36 – “Dapat nasa inyo ang ______________ timbangan, tama ang ______________, tamang ___________ at tamang ____________…”

Pero maraming pagkakataon na ang isang timbangan na hindi wasto ay ginagamit para dayain ang mamimili at tumubo ng malaki ang nagtitinda.

Mga Kawikaan 20:23 - “Ang pabago-bagong ____________________ ay __________________ sa Panginoon; at ang _____________ timbangan ay hindi ______________.”

Ang mga bagay na idineklara ng Dios na tama at matuwid ang dapat na pumuno sa ating mga isip. Dapat nating timbangan ang katuwiran at alisin ang anumang kaisipan na hindi sapat para dito.

**Malinis**

“Malinis” ang ibig sabihin ay malaya sa anumang karumihan, walang ibang halong materyal na bagay, hindi pa nadudumihan.

Exodo 25:11 - “At iyong babalutin ng taganas o ______________ na ginto…”

Mga Awit 119:140 - “Ang salita mo'y _________________; kaya't iniibig ito ng iyong lingkod.”

1 Timoteo 1:5 - “Nguni't ang layunin ng kautusan ay pag-ibig na nagbubuhat sa ________________ na puso…”

1 Timoteo 3:9 - “Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng ____________ na budhi.”

Ang pag-iisip sa mga malilinis na mga bagay ang dapat pumuno sa ating mga isip, ang kaisipan na umaayon sa kaisipan ng Dios.

Habang iniisip ko ang 4 na bagay na dapat nating isipin, naalala ko ang ilan sa mga magagandang katotohanan na kaugnay sa mga salitang ito tungkol sa ating kalagayan kay Cristo.

**Katotohanan** - Efeso 4:24 - “At inyong ibihis ang bagong pagkatao, na ayon sa Dios ay nilalang sa katuwiran at sa _____________ na kabanalan.”

**Tapat** - 2 Corinto 4:2 - “Bagkus itinakwil ang mga bagay ng ______________________________, hindi nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa paningin ng Dios.”

**Matuwid** - Roma 5:1 - “Kaya nga, dahil mga ___________________________ sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong ________________________sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.”

**Malinis** - 1 Corinto 1:8 - “Siya rin ang magpapatibay sa inyo hanggang sa katapusan, upang kayo’y maging _____________________ hanggang sa araw ng ating Panginoong Jesu-Cristo.”

**Ilagay ang pangalan at petsa** ________________________________________________

## Minero - Pang-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Filipos 1:11; Roma 8:5-8

Ang ika-limang bagay na nais ng Dios na ating isipin ay ito: "**mga bagay na kaibig-ibig**."

Ang salitang "kaibig-ibig" ay tatlong beses na ginamit sa Biblia. Una, ay matatagpuan natin ito sa 2 Samuel 1:23 - " Si Saul at si Jonathan ay ________________at _________________ __________ sa kanilang kabuhayan…"

Sa Ezekiel 33:32 ay ating matatagpuan ang salitang "kaibig-ibig" na inilalarawan ang ____________________. Ano ang isa pang salita na ginamit kaugnay ng "kaibig-ibig" ayon sa 2 Samuel 1:23? ____________________________

Ang salitang kaibig-ibig ay ibinibigay sa atin ang isang larawan na nakakahalina, masaya, nakalulugod at nakakasapat.

Ang pag-iisip ng mga bagay na kaibig-ibig ay siguradong makakaalis ng mga madidilim, negatibo at hindi kaaya-ayang kaisipan.

Ang ika-anim na bagay na dapat isipin ay, "**anumang bagay na may mabuting ulat**." Sa paghahanap ng mga lalaki na mamahala sa mga gawain ng mga Israelita, ang 12 alagad ay hinanap ang mga lalaki ayon sa Mga Gawa 6:3 na may ______________________________. puspos ng _______________ at ng ________________. Si Cornelio ay taong ______________ at _________________________, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio ayon sa Mga Gawa 10:22. At si Ananias ayon sa Mga Gawa 22:12 ay lalaking __________________________ ayon sa kautusan, na may _________________________ ng lahat ng mga Judiong nagsisitahan doon. Ang mabuting patotoo o pagsaksi, ang kabanalan na nakikita sa kanilang buhay ay mabuting ulat. Ang ating kaisipan ay dapat na mapuno ng mga bagay na may mabuting ulat.

Ang mga bagay na ayon sa pamantayan na may kabanalan; pag-iisip tungkol sa mga bagay na hindi maka-dios ay hindi dapat na pumuno sa ating mga isipan.

Ang ika-pitong bagay na dapat nating isipin ay "**may kagalingan**." Ang salitang "may kagalingan" ay 11 beses na ginamit sa Biblia. Ang 3 beses na pagkakagamit nito ay kay Cristo.

Lukas 6:19 -"At ang buong karamihan ay ninais na Siya'y ______________; sapagka't lumalabas sa Kaniya ang _______________________, at pinagaling silang lahat.

Marcos 5:30 - "At kaagad nalaman mismo ni Jesus na may lumabas na _________________ sa Kaniya, ay agad pumihit sa karamihan at nagsabi, Sino ang humipo ng Aking mga damit?"

Lukas 8:46 - "At sinabi ni Jesus, May taong humipo sa Akin, dahil alam kong may ___________________ lumabas sa Akin."

Ang bisa o kapangyarihan ay nagmumula kay Jesu-Cristo. Anumang pag-uugali at kaisipan na ang pinanggagalingan ay si Jesu-Cristo ay may kagalingan. Binibigyan ng Dios ng malaking halaga ang kagalingan.

Mga Kawikaan 12:4 - "Ang _____________ babae ay ___________ sa kaniyang asawa…"

Mga Kawikaan 31:10 - “Sinong makakasumpong ng isang ____________ babae? Sapagka't ang kaniyang halaga ay __________ higit pa kay sa mga _________.”

Anumang bagay na nagmumula kay Jesu-Cristo ay dapat na pumuno sa ating kaisipan. Kung mayroon kang naiisip na alam mong hindi galing kay Cristo, palitan mo ito ng mga kaisipan na galing sa ating Panginoon!

Ang ika-walong bagay na dapat nating isipin ay “**<u>may kapurihan</u>**.”

Filipos 1:11 – “Dahil ____________________ ng mga ___________ ng ______________, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, sa _________________ at ______________ ng Dios.”

Ang ating isipan ay dapat na mag-isip ng mga bagay na makapagbibigay ng kapurihan sa Dios. Ang katuwiran, mga bagay na nagde-deklara, nag-uutos at itinataas at pinahahalagahan ang Dios ang dapat pumuno sa ating mga isipan. Kung ating susukatin ang ating kaisipan sa ganitong pamantayan, wala na tayong magiging katanungan kung ang ating isipan ay sa Dios o hindi.

Nalalaman ng Dios ang kahalagahan ng ating isipan. Walang sinumang nakagagawa ng kasalanan na hindi muna niya ito pinag-isipan.

Mga Kawikaan 23:7 - “Sapagka't kung ano ang _____________ niya, ay gayon nga siya…”

Ang Roma 12:1,2 ay nagbibigay ng panuntunan sa pamumuhay bilang Cristiano. Sa talatang 2, ano ang magpapabago sa ating mga buhay? Ang ___________________ ng inyong mga ____________.

Sa ika-apat na “sa wakas” ay nakita natin na binibigyan tayo ng Dios ng panuntunan tungkol sa ating isipan - ang mga bagay na lagi nating iniisip. Sa Mga Awit 94:19 ay sinabi ni David, “Sa karamihan ng aking mga ________________ sa loob ko ang Iyong mga _________________ ay nagbibigay-lugod sa aking _______________.”

Sinabi niya sa Mga Awit 139:17 - “_______________ ng Iyong mga ______________ sa akin, Oh Dios! Pagka _____________ ng _____________ nito!”

Ang ating isipan ay nagkakaroon ng bunga.
Jeremias 6:19 - “Makinig ka, Oh lupa: narito, ako'y magdadala ng kasamaan sa mga taong ito, maging ang mga ____________ ng kanilang mga ______________…”

Ang ating mga iniisip ay nakaka-apekto sa ating pag-uugali. Ang ating mga iniisip ay nakaka-apekto din sa ating emosyon.
Daniel 5:6 - “Kaya’t nagbago ang anyo ng mukha ng hari, at __________________ siya ng kaniyang mga _______________; at ang pagkakasugpong ng kaniyang mga balakang ay halos makalas, at ang kaniyang mga _____________ ay __________________.”

Isipin mo ang lahat ng mga bagay na nasa Filipos 4:8 at ang kapayapaan, kaginhawahan at kagalakan ang maghahari sa iyong puso.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________________________

**Minero - Pang-Walong Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - 2 Tesalonica 3:1, 2

Ang ika-lima at panghuling “sa wakas” ay matatagpuan sa talatang ito. Nanawagan si Pablo na ang mga banal ay manalangin.

Si Pablo ay nanalangin para sa mga banal.

1 Tesalonica 1:2 - “Nagpapasalamat kaming lagi sa Dios para sa __________ lahat, na binabanggit ___________ sa aming mga __________________.”

Colosas 1:3 - “… na laging _______________________ para sa __________.”

Colosas 1:9 - “… ay hindi ________________ sa ______________________ para sa inyo…”

Filipos 1:4 - “Laging sa bawat ____________________ ko para sa inyong __________…”

Filipos 1:9 - “At ito ang _____________________ ko, na ang inyong pag-ibig nawa’y lalo't lalo pang sumagana…”

Efeso 6:18 - “_________________________ lagi na ng buong _________________at _______________ sa Espiritu, at ___________________________ taglay ang buong katiyagaan at pananalangin para sa ____________ ng mga banal.

Ipinaalala ni Pablo sa mga mananampalataya na ipanalangin siya ng mga ito. Ang panalangin para sa mga banal ay dapat na pangunahin sa ating listahan ng mga ipapanalangin.

Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Dios; ang pagsasabi sa Kanya kung ano ang laman ng ating puso. Ito ang napakagandang pribiliheyo ng mga mananampalataya sa ating pakikipag-usap sa ating Ama na nasa langit. Nasisiyahan ako sa maraming beses na nakiusap si Pablo na ipanalangin siya.

Roma 15:30 - “… na kayo'y magsikap na kasama ko sa inyong mga ____________________ sa Dios patungkol sa ________.”

2 Corinto 1:11 - “Kayo rin ay sama-samang tumutulong sa pamamagitan inyong mga ___________________ na patungkol sa __________…”

Efeso 6:18, 19, sa talatang 19 - “At sa ______…”

Colosas 4:3 - “Kasabay nito ay _________________ din ninyo _______”

1 Tesalonica 5:25 - “Mga kapatid, ___________________ ninyo __________.”

Mayroon ka na bang pinakiusapan na ipanalangin ka? Ang mga talatang ito ang pwede nating basehan sa bagay na ito. Sa katotohanan, pwede bang alalahanin mo na ipanalangin mo ako? Magugustuhan ko ang mga panalangin ninyo para sa akin na manatili ako sa pangangaral ng salita ng Dios at patuloy na lumago sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Maraming salamat!

Si Pablo ay nakiusap na ipanalangin sya at nagbigay ng listahan ng mga bagay na pwedeng ipanalangin ng mga banal. 2 Tesalonica 3:1,2 - "...upang ang salita ng Panginoon ay ___________________ at ____________________ nawa na gaya rin naman sa inyo." Nais ni Pablo na ang salita ng Dios ay lubos na maipangaral.

Mga Gawa 6:7 - "At _______________ ang salita ng Dios..."

Mga Gawa 12:24 - "Datapuwa't ______________ ang salita ng Dios at _________________."

Mga Gawa 13:49 - "At ______________________ ang salita ng Panginoon sa buong lupain."

Mga Gawa 19:20 - "Kayat higit na _______________ ang salita ng Panginoon at ___________."

Mga Gawa 19:10 - "...ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa __________ ay nangakarinig ng salita ng Panginoon..."

Si Pablo at ang kanyang mga kamanggagawa ay ipinangaral ang salita ng Dios sa lahat ng dako ng panahong iyon.

Colosas 1:6 - "Na ito'y dumating sa inyo; gaya din naman sa buong _________________..."

Roma 16:26 - "... ay ipinakilala sa _______________________________ upang magsitalima sa pananampalataya."

Mga Gawa 17:6 - "...ang mga ito ay pinapatiwarik ang ______________________, ay naparito rin naman."

Ngunit ang salita ng Dios ay hindi lalaganap na walang pagsalungat. Sa Mga Gawa 17:5,6 ay nakita natin na ang Judiong hindi ___________________ ay nagplano laban kay Pablo at sa Mga Gawa 16:20-25 ay nakita natin na ang mga hindi mananampalataya ay gustong silang ____________________. Sa Mga Gawa 13:50, ang mga hindi sumasampalataya ay nangagbangon ng ________________ laban kay Pablo at kay Bernabe, at kanilang _________________ sila sa kanilang mga hangganan."

At pwede pa tayong magbigay ng marami pang halimbawa ng mga gawa ng diablo para harangan ang salita ng Dios. Ngunit si Pablo ay hindi natinag. At kanyang inakit ang iba pang mga mananampalataya upang maging matatag sa kabila ng mga pag-uusig.

1 Tesalonica 1:6 - "At kayo'y _________________ sa amin, at sa Panginoon, dahil tinanggap ninyo ang salita na may ___________________ _____________________..."

2 Timoteo 1:8 - "Huwag mo ngang ikahiya ang tungkol sa patotoo ng ating Panginoon, ni sa akin na _________________ Niya: kundi _________________ ka sa mga ________________ sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Dios."

Filipos 1:29 - "Sapagka't sa inyo'y ibinigay alang-alang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya sa Kaniya, kundi ang _________________ din naman alangalang sa Kaniya."

2 Timoteo 3:12 - “Oo, lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay _________________ ng _______________.”

Bagamat alam ni Pablo ang mga pag-uusig, ay patuloy niyang pinalakas ang loob ng mga mananampalataya na ipanalangin na lumaganap ang salita ng Dios. Ganundin ang dapat nating ipanalangin na ang salita ng Dios ay makarating sa puso ng mga taong nangangailangan nito. Sapagkat tanging ang salita lang ng Dios ang makapagbibigay ng pananampalataya patungo sa kaligtasan.

Pinalakas din ni Pablo ang loob ng mga mananampalataya na ipanalangin na ang salita ng Dios ay luwalhatiin sa gitna nila. Paano ba naluluwalhati ang salita ng Dios?

1 Tesalonica 2:13 - “At dahil naman dito kami ay nagpapasalamat ng walang patid sa Dios, dahil nang inyong tanggapin ang salita ng Diyos na inyong narinig mula sa amin, tinanggap ninyo ito na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi, ayon sa katotohanan, ang salita ng Dios, na gumagawa ng may kapangyarihan sa inyo na nagsisisampalataya.”

Sa pamamagitan ng pagtanggap, pagsampalataya at ang malayang pagkilos ng salita ng Dios upang maganap ang gawain nito, ang mga taga-Tesalonica ay naluwalhati ang salita ng Dios. Ipinaalala ni Pablo sa mga mananampalataya ang pagiging epektibo ng salita ng Dios. Pinakiusapan sila ni Pablo na ipanalangin ang magiging resulta nito sa ibang tao.

2 Corinto 5:14,15 - "Dahil ____________ ni Cristo ang _____________ sa amin; sapagka't ipinasisiya namin ang ganito, na kung ang isa ay namatay dahil sa _________, kung gayo'y lahat ay __________________; At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang mga nabubuhay ay huwag nang __________________ para sa kanilang ___________, kundi sa Kaniya na _______________ dahil sa _____________ at muling ____________."

Dapat mong alamin ang pag-ibig ng Dios! Efeso 3:19 - "At upang _____________ ang ______________ ni _________ na tumatalos ng higit sa kaalaman, upang kayo'y mapuspos ng buong __________________ ng Dios."

Sana ay patuloy tayo na magbulay-bulay sa pag-ibig ni Cristo, at pagkatapos ay ibahagi natin ito sa iba, lalo na sa mga banal. Galacia 6:10 - "Kaya, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng _____________ sa <u>lahat ng tao</u>, at ________________ na sa mga ____________________ sa _____________________." Mahal ng Dios ang Kanyang iglesya, ang Katawan ni Cristo, dapat ay ganun din tayo. Ang susunod na panawagan ay matatagpuan sa 1 Tesalonica 5:12,13 - "Ngunit ___________________ kami sa inyo, mga kapatid, na inyong _________________ ang

__________________ sa inyo, at _________________ sa inyo sa Panginoon, at __________________ sa inyo; At inyong lubos na ____________ sila sa ____________, dahil sa kanilang __________. Magkaroon kayo sa inyong mga sarili ng _________________."

Ang panawagang ito sa mga mananampalataya ay tumutukoy sa maka-Dios na paghatol sa sinuman na nakakasakop sa kanila. Hindi lamang ang doktrina ang mahalaga; kung ang mga lingkod na nagpapahayag ng doktrina na dapat nating malaman. Tayo ang dapat na _______________ sa kanila. Responsibilidad natin na malaman (mas makilala pa sila). Dapat nating malaman kung taglay nila ang mga katangiang hinanahap ng Dios para sa pamumuno na nakalagay sa 1 Timoteo kabanatang 3 at Tito kabanatang 1. Kung sila ay tumutugma dito, ang dapat nating gawin kung ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga-Filipos tungkol kay Efaprodito sa Filipos 2:29 - "Tanggapin nga ninyo siya alang-alang sa Panginoon ng buong _____________; at ang gayon ay __________ ninyo ng higit na ________________." Kapag tayo ay nakagawa na ng maka-Dios na paghatol sa sinumang tao na namumuno sa atin, ay dapat natin silang pahalagahan. 1 Corinto 4:1, ituring sila na mga _______________ ni Cristo. Huwag tayong magmadali sa pagpili ng tao na may maka-Dios na mga katangian para mamuno sa atin. At pahalagahan natin sila dahil sa kanilang gawain. Ang kanilang gawain ay dapat na katulad ng sinasabi sa 1 Corinto 16:15 - "Ipinamamanhik ko nga sa inyo, mga kapatid, nalalaman ninyo na ang sangbahayan ni Estefanas ay siyang pangunahing bunga ng Acaya, at _______________ ng kanilang sarili sa paglilingkod sa mga banal.

Ang pinakahuli sa ating mga panawagan ay nasa 2 Tesalonica 2:1 - "Ngayon aming __________________ sa inyo, mga kapatid, tungkol sa pagpariito ng ating Panginoong Jesu-Cristo, at sa ating ___________________ sa Kaniya." Napakaganda ng panawagang ito! Ang mga taga-Tesalonica ay _________________ ang isipan at ____________________ ayon sa 2 Tesalonica 2:2. Maaaring may mga liham na ipinakakalat sa kanila na mga di totoong tagapagturo. Ito ay mga pineke, at ginaya ang pirma ni Pablo, ngunit hindi sya ang gumawa nito.

Itinuturo nila na si Cristo ay bumalik na at ang mga pag-uusig na kanilang nararanasan ay tungkol sa "dakila at kakila-kilabot" na Araw ng Panginoon, ang dakilang kapighatian. Tiniyak ni Pablo na hindi ito totoo. Basahin ang 2 Tesalonica 2:3-12. Tiniyak niya na sila ay pinili na ng Dios magmula pa sa simula para sa ________________ ayon sa 2 Tesalonica 2:13; kaligtasan mula sa poot ng Dios.

1 Tesalonica 5:9 - "Dahil hindi tayo _________________ ng Dios sa ___________, kundi upang kamtan ang _______________ sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." Ang ating pagkakatipon kay Cristo ay tinatawag na _____________________________ ayon sa Tito 2:13. Nanawagan si Pablo sa mga banal na may katiyakan na hindi sila magdaranas ng dakilang kapighatian, subalit tayo ay titipuning kasama ni Cristo bago pa mangyari iyon. Ituon ang iyong paningin sa itaas! Si Cristo ay muling magbabalik! Sana ito ay magbigay sa iyo ng pag-asa.

**Ilagay ang pangalan at petsa _______________________________________________**

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Pang-Labing Isang Aralin**

1 Corinto 4:16; Filipos 3:17

**Pang-Labing Dalawang Aralin**

2 Corinto 5:18-20

**Pang-Labing Tatlong Aralin**

Galacia 4:6,7; 5:1

**Pang-Labing Apat na Aralin**

Efeso 4:1; Colosas 3:16; 1 Tesalonica 4:1

**Pang-Labing Limang Aralin**

Efeso 5:2; 3:19; 1 Tesalonica 5:12,13; Tito 2:13

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________________________

**Minero - Pang-Labing-Anim na Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - 2 Timoteo 3:16,17

Ang Biblia ay aklat ng Dios. "Kinasihan" ng Dios o hiningahan ito katulad ng sinasabi sa ating talata. Ang mga salita sa kasulatan ay salita ng Dios. Hindi lang ibinigay ng Dios ang Kanyang mga salita kundi nangako rin Siya na iingatan ang mga ito. Tayo ay naniniwala na nasa atin ang perpekto at iningatang salita ng Dios sa 1611 King James na salin ng Biblia. Ngayon ay may 120 mga aklat na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga biblia. Sa mga susunod na mga aralin ay ating titingnan kung bakit hindi nila taglay ang salita ng Dios at kung bakit ang 1611 KJV ang perpekto at iningatang salita ng Dios.

Nais nating magsimula sa pagbibigay ng apat na pangungusap na mas lalo pa nating ipapaliwanag ng kumpleto sa mga susunod na pag-aaral.

1. Ang Doktrina na Kinasihan ng Diyos ang Biblia – o inihinga ng Dios ang Kanyang salita sa mga banal na tao ng Dios
2. Ang Doktrina ng Paggamit - ang Dios ay may layunin para sa Kanyang salita
3. Ang Doktrina na Iningatan ng Diyos ang Biblia - iningatan ng Dios ang mga banal na salita sa lahat ng panahon na hindi nabawasan o walang kamalian
4. Nasa atin ang perpekto at iningatang salita ng Dios sa 1611 King James Version

**Ang Doktrina na Kinasihan ng Diyos ang Biblia**

Sinasabi sa ating talata na (ang ilan, karamihan, lahat) ang kasulatan ay kinasihan (hiningahan ng Dios). Tama, lahat ng kasulatan ay kinasihan. Ang bawat talata magmulang Genesis 1:1 hanggang sa Pahayag 22:21 ay kinasihan ng Dios. "Kasulatan" ang ibig sabihin ay "isinulat", sa Biblia ito ay tumutukoy sa pagsulat ng Dios. Kapag ginamit sa Biblia, ang mga salitang kasulatan ay tumutukoy ito sa salita ng Dios. Maraming mga mananampalataya ang nagsabi na iyon lamang mga orihinal na manuskrito (iyong mga isinulat nila, Moises, David, Pablo, atbp.) ang "kinasihan" at ang mga kopya mula sa orihinal na manuskrito ay naglalaman ng mga kamalian at hindi mapagkakatiwalaan. Ating natutunan mula sa mga kasulatan na ang orihinal na manuskrito ay kinasihan at ginamit ng Dios kasama na <u>ang mga kopya ng mga orihinal na manuskritong ito upang maingatan ang perpektong salita para sa mga tao</u>.

<u>Ang salitang "mga kasulatan" ay makikita natin ng 53 beses sa Biblia at hindi ang orihinal na kopya ang tinutukoy nito. Tinatawag ng Dios ang kopya, na mga kasulatan</u>. Tingnan natin ang ilang mga talata.

Lukas 4:16-21, sa talatang 21 - "At Siya'y nagpasimulang magsabi sa kanila, Ngayo'y natupad na ang _________________ ito sa inyong mga pakinig."

Bumasa si Cristo mula sa aklat ni Isaias at tinawag Niya ang kopya na Kanyang binasa, na mga kasulatan, ang salita ng Dios.

Juan 5:39 - "Saliksikin ninyo ang mga __________________, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang _____________________ tungkol sa Akin."

Sasabihin kaya ni Cristo na saliksikin nila ang mga kasulatan kung hindi nila hawak ang mga kopya nito? Oo / Hindi Ito ay mga kopya mula sa orihinal.

Lukas 24:13-45, talatang 27 - “At mula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaliwanag Niya ng malinaw sa kanila ang lahat ng mga __________________ na patungkol sa Kaniya.”

Ang mga kasulatan na ginamit at tinutukoy ni Cristo ay hindi mga orihinal, ito ay mga kopya. Tinawag ni Cristo ang mga kopya ito na ______________________.

Walang itinuro sa atin sa Biblia na tanging ang orihinal na pirma (mga kasulatan, manuskrito) ang salita ng Dios o ang mga kopya ay hindi mapagtitiwalaan. Ang totoo, kabaligtaran ito ng katotohanan. Nakita natin na ang salitang “kasulatan” ay ginamit para sa mga kopya ng paulit-ulit.

Sa 2 Timoteo 3:15 si Pablo ay sumulat kay Timoteo at sinabi na: “At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na ___________________...”

Tinukoy ni Pablo ang mga kopya na pinag-aralan ni Timoteo na _________________________.

May kopya si Pablo ng salita ng Dios. Basahin ang Mga Gawa 17:2 - “At si Pablo, ayon sa ugali niya ay pumunta sa kanila, at sa tatlong sabbath ay nakipag-aralan sa kanila batay sa mga __________________.” Ito ay mga kopya. Tinawag ni Pablo ang mga kopya ito na “kasulatan.”

Sa Mga Gawa 18:24-28 ay makikita natin na si _________________ ay makapangyarihan ukol sa mga ________________ at sa talatang 28 ay ginamit ang mga kasulatan upang __________________ sa mga Judio na si Jesus ay ang Cristo. Tanging ang mga kasulatan, ang salita ng Dios na walang kamalian at perpektong iningatan, ang pwedeng gamitin para sa ganoong dakilang layunin upang kumbinsihin ang mga tao na si Jesus ang Cristo.

Sa mga talata sa itaas ang Panginoong Jesu-Cristo ay tinukoy ang mga kopya na mga kasulatan. Upang ang mga kopya ay maging kasulatan, dapat ito ay maging perpekto, sapagkat ang mga kasulatan ay hiningahan ng Dios, at sinabi Niya na ito ay perpekto. Pwede tayong makapagbigay ng tatlong kapahayagan tungkol sa paggamit ni Cristo ng salitang kasulatan.

1. Kung ang mga kasulatan ay may kamalian at hindi ito alam ni Cristo, hindi Siya Dios. (Dahil alam ng Dios ang lahat ng bagay).
2. Kung alam ni Cristo ang mga kasulatan ay may kamalian ngunit pinagtakpan Niya ito, hindi Siya Dios; ang Dios ay banal at mapagkakatiwalaan at matuwid.
3. Alam ni Cristo na ang mga kopya ay perpekto, kung kayat tiyak Siya na ang mga kopya ay ang perpekto at iningatang salita ng Dios.

**Ilagay ang pangalan at petsa** _______________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 2 Pedro 1:21

### Paano kinasihan ng Dios ang Kanyang Salita?

2 Pedro 1:21 - “Sapagka't kahit kailan, ang _______________ (salita ng Dios) ay hindi dumating dahil sa kagustuhan ng tao: kundi ang mga banal na mga tao ng Dios ay nagsalita,  dahil sila ay _________________ ng Banal na ______________.”

Ginamit ng Dios ang mga tao, mga banal na tao, upang isulat ang mga kasulatan. Ang “mga banal na tao” ay inihiwalay para sa isang espesyal at maka-Dios na layunin. Sila ay ginamit ng Dios upang isulat ang mga kasulatan. Sila ay hindi mga perpektong mga tao. Walang sinumang perpektong tao maliban sa Panginoong Jesu-Cristo. Ang mga banal na taong ito ay inihiwalay para sa dakilang layunin na isulat ang mga kasulatan habang pinakikilos sila ng ______________________.

Pinakikilos ng Dios ang mga banal na taong ito sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ngunit hindi kinilos ang mga taong ito sa isang kaparaanan. Tingnan natin kung paano nila tinanggap ang salita ng Dios.

Si Moises ay isa sa mga banal na taong ito na ginamit ng Dios upang isulat ang kasulatan. Basahin ang Exodo 4:29-31. Sa talatang 30 - “At sinalita ni Aaron ang lahat ng salita na ___________________ ng Panginoon kay Moises…” Dito ay makikita natin na ang Dios ay _______________ kay Moises.

Deuteronomio 34:10 - “At walang bumangong propeta sa Israel na gaya ni Moises, na kilala ng Panginoon sa _________________.”

Mga Bilang 12:1-8, talatang 6, sinabi ng Dios na ibibigay ang Kanyang salita sa propeta (isang tao na nagsasabi ng mga bagay) sa _______________ at _______________.

Ang pangitain ay isang bagay na lumilitaw, o nakikita. Ang panaginip ay pangitain kapag natutulog.
Isaias 1:1 - “Ang ____________________ ni Isaias…”

Daniel 2:19 - “Nang magkagayo'y ________________ ang lihim kay Daniel sa isang _______________ sa _________. Nang magkagayo'y pinuri ni Daniel ang Dios sa langit.”

Deuteronomio 9:9-11 - Ibinigay ng Dios kay Moises ang dalawang tapyas ng bato na isinulat ng “_____________ ng ______.” Dito ang kamay ng Dios ay ang Banal na Espiritu. Sa 2 Pedro 1:21 ay sinasabi na ang tao ng Dios (Moises) ay tinanggap ang salita ng Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Sa Efeso 3:3 ay sinabi ni Pablo - “Kung paanong sa _______________ ay ipinaalam sa akin ang _______________…” Dito ay makikita natin na ipinahahayag ng Dios sa isa pang tao, si Pablo, ang hiwaga o sekreto.

Sa Galacia 1:11,12 ay sinabi ni Pablo na ang ebanghelyo (salita ng Dios) ay “aking tinanggap sa pamamagitan ng _________________ ni Jesu-Cristo.” Tinanggap ni Pablo ang mensahe ng biyaya direkta mula sa Panginoong Jesu-Cristo.

Ating natutunan na ang Dios ay hiningahan ang mga kasulatan at ang mga tao ng Dios ay kinilos ng Banal na Espiritu upang isulat ang mga iyon. Ang bawat salita ay hiningahan ng Dios! Ang mga salita sa Biblia ang tinutukoy dito, hindi lamang iyong mga kaisipan o ideya.

Exodo 20:1 - “At sinalita ng Dios ang lahat ng _______________ ito…”

Mga Kawikaan 30:5 - “Bawa't ______________ ng Dios ay ________________: siya'y kalasag sa kanila, na nagtitiwala sa Kaniya.”

Sa Mga Kawikaan 30:6, ang Dios ay nagbigay ng babala - “Huwag kang ______________ sa Kaniyang mga _____________, baka Kaniyang _________________ ka, at mapatunayan kang _________________.” Ang mga salita ng Dios ay dalisay at wala ng pwedeng idagdag pa dito.

Mga Awit 12:6,7 - “Ang mga _______________ ng Panginoon ay mga dalisay na ____________; na gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, na makapitong __________________. Iyong iingatan sila, Oh Panginoon, Iyong pakaingatan sila mula sa lahing ito magpakailan man.” “Pito” ang numero ng Dios para sa perpekto. Ang salita ng Dios ay perpekto.

Mga Awit 19:7 - “Ang ________________ ng Panginoon ay ______________, na nagbabago ng kaluluwa: ang patotoo ng Panginoon ay tunay, na nagpapapantas sa hangal.”

Jeremias 15:16 - “Ang Iyong mga _____________ ay nasumpungan, at aking _____________; at ang Iyong mga _____________ sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking ________…”

Sa Mateo 4:4 ay sinagot ni Cristo si Satanas sa mga ganitong salita - “Ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa _________ ___________ lumalabas sa bibig ng Dios.”

Sa Juan 6:63 ay sinabi ni Cristo - “…ang mga ________________ sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.”

Hindi sinabi ni Cristo na ang mga kaisipan o ideya ang ibinibigay Ko sa inyo. Maliwanag na sinabi ni Cristo na ang mga salita ay espiritu at buhay.

Sa Juan 17:8 ay nagsasalita si Cristo sa Kanyang Ama at Kanyang sinabi - “Sapagka't ibinigay Ko sa kanila ang mga _______________ ibinigay Mo sa Akin; at kanilang tinanggap ang mga ito…”

Marami sa mga bagong Biblia ay hindi iniisip na ang mga salita ay mahalaga sa Dios kung kaya’t ipinahayag lang nila ang mga pangkalahatang ideya. Tinawag nila itong katumbas na kahulugan (“dynamic equivalency”). Ano ba ang mahalaga sa Dios?

1. ang bawat salita, lahat ng salita
2. dynamic equivalency (mga kahulugan, mga ideya)

Ang mga tao na nagsalin ng mga manuskrito, na ating tinawag na 1611 KJV, ay alam na ang bawat salita ay mahalaga kung kaya’t binigyang pansin nila ang bawat salita. Maraming mga biblia ang hindi nagbigay ng pansin sa mga salita. Ang mga taong ito ay mas binigyang halaga ang mga ideya at mga kaisipan. Muli, ano ang importante sa Dios?

1. Ang bawat salita at lahat ng salita?
2. Ang mga kahulugan at mga ideya?

**Ilagay ang pangalan at petsa** ________________________________________________

## <u>Minero - Pang-Labing-Walong Aralin</u>

**Talatang Sasauluhin** - Mga Awit 12:6,7

### Ang Doktrina ng Pag-iingat

Ang salita ng Dios ng mahalaga sa Kanya kaya sinabi Niya sa atin na iingatan Niya ito. Nangako Siya na iingatan ang kasulatan na walang kamalian o mawawala dito.

Tingnan natin ang mga pangakong ito.

Mga Awit 12:6,7, talatang 7 - “Iyong iingatan sila, Oh PANGINOON, iyong ________________ sila mula sa lahing ito _____________________.”

Mga Awit 119:89 - “___________________, Oh PANGINOON, ang Iyong _____________ ay natatag sa langit.”

Mateo 5:18 - “…Hanggang sa mawala ang langit at ang lupa, ang isang ____________ o isang _____________, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.”

Mateo 24:35 - “Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking mga ______________ ay hindi lilipas.”

Isaias 30:8 - “Ngayo'y yumaon ka, isulat mo sa harap nila sa isang tapyas na bato, at ititik mo sa isang aklat upang manatili sa panahong darating na _____________ _____________.”

Sinabi sa atin ng Dios na ang Kanyang salita ay pinadakila ng mataas sa Kanyang pangalan!

Mga Awit 138:2 - “…sapagka't Iyong pinadakila ang Iyong ______________ ng higit sa iyong buong pangalan.” Huwag nating maliitin ang dinadakila ng Dios.

Tama ang sinabi ni Job. Job 23:12 - “…aking pinahalagahan ang mga ______________ ng Kaniyang bibig ng higit kay sa aking kailangang pagkain.”

1 Pedro 1:25 - “Datapuwa't ang _______________ng Panginoon ay _________________ magpakailan man. At ito ang salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo.”

Ibinigay ng Dios ang Kanyang salita - ang Doktrina na Kinasihan ng Dios ang Biblia.
Iningatan ng Dios ang Kanyang salita - ang Doktrina ng Pag-iingat.
Ibinigay ng Dios ang Kanyang salita at iningatan ito para sa atin dahil ang Dios ay may layunin na gusto Niyang mangyari.

### Ang Doktrina ng Paggamit

Iningatan ng Dios ang Kanyang salita sapagkat magaganap ang Kanyang kalooban sa pamamagitan nito.

Roma 1:16 - “Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang _______________ ni Cristo: sapagka't ito ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego.”

Ang ibig sabihin ng “ebanghelyo” ay salita ng Dios. Sinabi sa atin ng Dios sa Roma 10:16 na - “Ngunit silang lahat ay hindi nakinig ng mabuting balita. Sapagka't sinasabi ni Isaias, Panginoon, sino ang naniwala sa aming _________________?” at sa talatang 17 ay ipinaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang “ebanghelyo” ay “ang _________ ng _______.”

Ipinahayag ni Pablo sa 2 Timoteo 2:8 - “Alalahanin mo si Jesu-Cristo na muling binuhay sa mga patay, sa binhi ni David, ayon sa aking _____________________.” At sa talatang 9 ay tinawag ni Pablo ang kanyang ebanghelyo na “ang _________ ng _______.”

Ang ebanghelyo ay mabuting balita ngunit ito ay mabuting balita sapagkat ito ay ang salita ng Dios.

Sa Roma 1:16 ay sinabi ng Dios na ang ebanghelyo (salita ng Dios) ay ang Kanyang kapangyarihan para sa kaligtasan. Kailangan natin ang salita ng Dios para magkaroon ng Kanyang kapangyarihan para sa kaligtasan.

Hebreo 4:12 - “Sapagka't ang salita ng Dios ay ____________, at _____________________, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at _________________ ng mga pag-iisip at mga layunin ng mga __________.” “Makapangyarihan” o “buhay”. Ang salita ng Dios ay parehong buhay at makapangyarihan. Ang salita ng Dios ay buhay at may kakayahan na gawain ang mga dakilang bagay para sa Dios. Dito, ito ay _______________ ng mga pag-iisip.

Ang salita ng Dios ay buhay at pwedeng makaunawa at makakilala ng kaibahan ng mga bagay. Ito ay mahalaga para sa mananampalataya.

Efeso 6:17 - “At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng __________ ng Espiritu, na siyang ____________ ng ________.”

Ang tabak, panlabang sandata ng Banal na Espiritu, ay ang ___________ ng ________. Ang Biblia ay salita ng Dios, na siyang tabak ng Espiritu. Kung hindi iningatan ng Dios ang Kanyang salita, ang Banal na Espiritu ay walang tabak! May ipagagawa ang Dios sa Espiritu para sa Kanyang tabak.

Sa 2 Timoteo 2:15 - “__________________ ka upang maipakita ang iyong sarili na aprobado sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na hinahati ng matuwid ang ________ ng _________________.” Dito ay sinabi sa atin ng Dios sa pamamagitan ni Apostol Pablo na pag-aralan ang salita ng katotohanan. Pwede ba nating pag-aralan ang salita ng katotohanan kung hindi natin hawak ito? Oo / Hindi

Dapat ay hawak natin ang salita ng katotohanan para tayo ay sumunod sa utos ng Dios na pag-aralan ito. Oo, hawak natin ito.

1 Tesalonica 2:13 - “…kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na _________________ naman sa inyo na ________________________.” Ibinigay sa atin ng Dios ang Kanyang salita upang ito ay gumawa sa atin. Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelyo, ang salita ng Dios para sa atin. Tayo ay pinalalakas (pinatatatag sa pananampalataya) sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng

Dios. Tayo ay ginagawang sakdal sa pamamagitan ng salita ng Dios. Sa talatang ito ay sinasabi sa atin na ang __________ ng _________ na gumagawa sa kanila na sumasampalataya.

Sinabi sa atin ng Dios sa 2 Corinto 4:6 na ang ating panloob na pagkatao “…ay __________________ araw-araw.” Ito ang resulta ng pagkaalam sa salita ng Dios.

Sa Roma 12:1,2 ay sinasabi sa atin - “At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi ________________ kayo sa pamamagitan ng ______________________ ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.” Mangyayari ito bilang resulta ng iyong pag-aaral ng salita ng Dios. <u>Ang ating panloob na pagkatao, ang bagong tao na ginawa ng Dios sa loob natin nang tayo ay sumampalataya kay Cristo ay kailangan ang salita ng Dios.</u>

Nais ng Dios na ang Kanyang salita ay maingatan sa aklat!

Deuteronomio 31:24 - “At nangyari, nang matapos ni Moises na maisulat ang mga salita ng _________________ ito sa isang ___________, hanggang sa natapos.”

Talatang 26 - “Kunin ninyo ang aklat na ito ng kautusan at ilagay ninyo sa _______ ng ___________ ng tipan ng Panginoon ninyong Dios, upang doo'y maging pinakasaksi laban sa iyo.”

Isinulat ni Moises ang salita ng Panginoon sa aklat at inilagay ito sa isang ligtas na lugar upang ang aklat ay magamit ng mga susunod na henerasyon.

Juan 21:25 - “At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung isusulat bawat isa, ay inaakala ko na kahit ang sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga ________ na ________________.”

**Ilagay ang pangalan at petsa** ________________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Siyam na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Colosas 1:25 - “Na ukol dito ako'y ginawang ministro, ayon sa dispensasyon ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo upang ganapin ang salita ng Dios.”

Sinabi sa atin ni Apostol Pablo na ibinigay sa kanya ng Dios ang pamamahala upang “tuparin ang salita ng Dios.” Kukumpletuhin ni Pablo ang salita ng Dios sa pamamagitan ng pagpapahayag ng hiwaga (ayon sa talatang 26) na itinago simula pa ng gawin ang sanlibutan. Sa talatang ito ay sinasabi sa atin na si Pablo ang pinakahuli sa mga banal na tao ng Dios na susulat ng Kanyang salita. Nang matapos ni Pablo ang kanyang sinulat, tapos na ang Biblia, natapos at nakumpleto na.

Nakita natin na si Pablo ay nasa bilangguan, handa nang ialay (mamatay na ipinangangaral si Cristo. 2 Timoteo 4:6 - “Sapagka't ako'y nahahanda na upang _________, at ang panahon ng aking ____________ ay dumating na.”

Nang si Pablo ay mamatay na dahil sa kanyang pananampalataya kay Cristo, pinakiusapan niya si Timoteo para ilang mga bagay sa 2 Timoteo 4:13 - “Ang balabal na aking iniwan sa Troas kay Carpo ay iyong dalhin pagparini mo, at ang mga aklat, lalong lalo na ang mga pergamino.”

Tama na paniwalaan natin na si Pablo, sa kanyang mga huling araw, oras at minuto bago pa siya mamatay, ay may malasakit para maingatan ang mga kasulatan. Alam natin na si Pablo ay pinahahalagahan ang mga kasulatan para sa Katawan ni Cristo at naghirap ng lubha para sa mensahe ng Biyaya. Basahin ang 2 Corinto 11:23-28.

Talatang 28 - “Bukod sa mga bagay na nasa labas, at iyong mga bagay na dumarating sa akin araw-araw, at _______________ sa _________ ng mga _______________.”

Sa pag-alis ni Pablo para makapiling si Cristo, nasa kanyang isipan na iwanan ang mga kasulatan sa mga banal. Si Pablo ay may malasakit para sa kabalisahan ng mga iglesya. Ano pa ba ang mas mabuting paraan upang ipakita ang kanyang malasakit kung hindi ang ibigay sa kanila ang walang kamaliang salita ng Dios, ang Banal na Kasulatan! Katunayan, nabasa natin sa Mga Awit 138:2 - “…sapagka't iyong ________________ ang iyong salita ng higit sa iyong buong _______________.”

Hindi tayo makapaniwala na si Pablo ay nanaisin ang ibang mga aklat at pergamino maliban doon sa bumubuo ng salita ng Dios.

Ang mga kasulatan ay kumpleto na ngayon nang matapos ni Pablo ang kanyang mga isinulat. Sa ating sasauluhing talata ay sinasabi sa atin na ang Dios ay tapos ng magsalita ng mga salitang isusulat sa Kanyang aklat. Ngayon ay dapat silang kopyahin at ilagay sa isang ligtas na lugar upang maingatan.

Dapat nating isipin na ang pangunahing pag-atake ni Satanas laban sa Dios at sa Kanyang mga plano upang iligtas ang mga tao at muling bawiin ang langit at lupa ay atakehin ang salita ng Dios. Sa Halamanan ng Eden ay sinira/ginulo niya ang salita ng Dios.

Binago ni Satanas ang salita ng Dios ng alisin niya ang salita.
Genesis 3:1 - inalis ni Satanas ang salitang **malaya**. “…totoo bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa _________________ punong kahoy sa halamanan?”

Sinabi ng Dios sa Genesis 2:16 - "…Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may ______________."

Binago ni Satanas ang salita ng Dios.
Sinabi ng Dios sa Genesis 2:17 - "…ay walang pagsalang _______________ ka."
Sinabi ni Satanas kay Eba sa Genesis 3:4 - "Tunay na ________ kayo mamamatay."

Ang pag-alis ng ilang salita ng Dios at pagbabago sa salita ng Dios ay katumbas ng pagsira sa salita ng Dios.

Ang estratihiya ng kasamaan ni Satanas ay nagpapatuloy upang atakehin ang salita ng Dios magmula pa sa Halamanan ng Eden hanggang ngayon.

Sa panahon ni Pablo, si Satanas ay inaatake na ang salita ng Dios. Sinulat ni Pablo sa 2 Corinto 2:17 - "Sapagka't hindi kami gaya ng ________________ na ____________ ang salita ng Dios…"

Sinulat ni Pablo sa 2 Corinto 11:3,4 - "Nguni't ako'y natatakot, baka sa anomang paraan, kung paanong si ________ ay dinaya ng ________ (Satanas) sa kaniyang katusuhan, gayundin ang inyong mga kaisipan ay __________________ mula katapatan na kay Cristo. Sapagka't kung ang paririto ay mangaral ng ibang Jesus, na hindi namin ipinangaral, o kung kayo'y nagsisitanggap ng ibang espiritu na hindi ninyo tinanggap, o ibang ebanghelyo na hindi ninyo tinanggap, ay mabuting pagtiisan ninyo siya."

Ang Biblia ay binubuo ng maraming manuskrito bago ito ginawang isang aklat. Sa pagkaimbento ng printing press ay naging posible na sama-samahin ang lahat ng mga aklat ng Biblia sa isang aklat na tinatawag natin ngayon na Banal na Kasulatan o ang Salita ng Dios.

May umaabot sa 5,400 na manuskrito at 5,200 sa mga ito ay ginamit para sa King James na Biblia. Ang mga manuskritong ito ay tinatawag na "Textus Receptus" o "received text" o "majority text".

Noong 1607, si King James ng Inglatera ay binuo ang grupo ng 47 iskolar sa Biblia upang ibigay sa mga taong nagsasalita ng Inglis ang salin ng Biblia sa Inglis. Ginamit nila ang mga manuskrito na bumubuo ng "majority text" upang maisalin ang Authorized Version, ang 1611 King James Version (KJV).

May iba pang mga manuskrito na binale-wala at hindi ginamit ng mga nagsalin ng King James Version. Ito ay ang mga manuskrito na tinatawag na "Codex Vaticanus B" at "Codex Sinaiticus Aleph." Ito ay nakilala na kabilang sa pamilya ng mga manuskrito na galing sa Alexandria. Ang mga taga-pagsalin ng King James Version ay itinuring ang mga manuskritong ito na mali kung kaya hindi nila ito ginamit.

Ngayon, 99% na mga bagong biblia ang gumamit ng mga manuskritong ito para sa kanilang ginawang salin. Ang ilan dito ay ang Catholic Bible, NIV, NWT-Jehovah Witness Bible, etc. Ang mga manuskrito na galing sa Alexandria ay hindi sumasang-ayon sa "majority text" sa may 36,000 na bahagi. Ang dalawang grupo ng manuskritong ito ay magkaiba. Kung kaya't ang KJV ay kakaiba sa lahat ng mga biblia. Ang KJV ay nagmula sa ibang manuskrito kumpara sa ibang mga biblia. Hindi nila ginamit ang kaparehong kasulatan para sa kanilang salin.

Ang King James Bible ay nagmula sa ________________ text.
Ang ibang mga biblia ay nagmula sa _________________ text.

Ang KJV ay kakaiba sa karamihan sapagkat ang mga kasulatan na ginamit ay kakaiba. Ang King James ay ginamit ang “Majority Text”. Ang iba ay ginamit naman ang “Alexandrian Text.”

Karamihan sa mga bagong biblia ay hindi sinubukan na magsalin ng “bawat salita” sa halip ay ginamit ang tinatawag nila ang katumbas na kahulugan (“dynamic equivalence.”) Sinabi ng Dios na ang bawat salita ay mahalaga; napag-aralan na natin ito sa nakalipas na aralin. Paano kokontrahin ng tao ang salita ng Dios at sasabihin na ang Dios ay hindi naman nais na isalin ang bawat salita sa halip ay ang mga kaisipan at ideya lamang? Ang pagkakaiba ng dalawang ito ang pwedeng maging dahilan ng seryosong estudyante ng Biblia na huwag tanggapin ang isa.

Ang majority text, na binubuo ng 5,200 na manuskrito ay may malaking porsiyento ng pagkakaisa sa mga manuskrito. Ang pagkakaisang ito ay may 90-95 na porsiyento. Sa madaling salita, ang mga manuskrito ay nagkakaisa sa bawat isa ng may 90-95 na porsiyento sa ganoong pagkakataon.

Ang Alexandrian text ay may malaking antas ng pagkakaiba-iba sa mga manuskrito. Kung kayat ang mga nagsalin ng King James ay hindi ito ginamit.

Ang KJV ang tanging Biblia na walang karapatang ng pagpapalathala (copyright)! Ang anumang aklat na may karapatan ng paglathala ay kinakailangan na ang sinuman na gustong gumawa ng kopya nito ay dapat na humingi ng permiso sa sinumang tao na may hawak ng paglalahathala nito. Ang tao na may permiso ng paglathala nito ay makakatanggap din ng kabayaran (halaga) mula sa pagpapabili ng bawat kopya. Ito ay katulad ng natatanggap ng may-akda mula sa kanyang isinulat at pagpapabili ng nobela. Bakit lilimitahan ng tao ang salita ng Dios at ilalagay ito sa karapatan ng tao upang magpalimbag? Sinabi ni Pablo na ang salita ng Dios ay hindi _________________, 2 Timoteo 2:9. Ang karapatan ng pagpapalimbag ay nagtatanikala o naglilimita sa aklat. Hindi nais ng Dios na ang Kanyang aklat ay malimitahan ng sinumang nilalang (Satanas) o maging ng tao.

May ilang tao na pupunahin ang sinuman na naniniwala na ang 1611 KJV ay ang perpektong salita ng Dios. Sasabihin nila na ang KJV ay sumailalim sa maraming pagbabago upang maitama ang mga mali. Ang talagang nangyari ay ang 1611 KJV ay totoong sumailalim sa maraming pagtatama dahil sa pagbabago ng salita (spelling) at litograpiya (printing). Pero ang teksto mismo ay hindi nabago, tanging pagbabago sa pag-imprenta at pagbaybay (spelling) ang ginawa. Ang KJV ay nanatiling matatag sa mga kritisismo.

Sa susunod nating aralin ay ikukumpara natin ang ilang mga talata mula sa ibat-ibang biblia upang maipakita na ito ay kakaiba. Alam nating ito ay kakaiba sapagkat ito ay nagmula sa: (bilugan ang tamang sagot)

1. iisang manuskrito
2. iba-ibang manuskrito

**Ilagay ang pangalan at petsa** ________________________________________________

## Minero - Pang-Dalawampung Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 2 Timoteo 2:15

Sa ating pagsisimula ng pagkukumpara ng mga talata mula sa ibat-ibang salin, dapat nating maunawaan na walang anumang kamalian sa 1611 Authorized King James Version. Ito ang perpektong salita ng Dios at pwede mo itong pagtiwalaan ng kumpleto. Purihin ang Dios! Hindi ito pwedeng sabihin sa ibang salin ng Biblia.

Ang NIV ay isang tanyag na biblia, ay mayroong mga pagkakamali sapagkat nanggaling ito sa kakaiba at maling teksto. Sa KJV ay sinasabi sa 2 Samuel 21:19 na: "…at ________________ ni Elhanan na anak ni Jaare-oregim, na taga Bethlehem, si Goliath na Getheo…" Ang NIV ay nagsasabi sa atin sa 2 Samuel 21:19 - "Elhanan anak ni Jaare-oregim, isang Bethlehemita ay pinatay si Goliath…" Basahin ang 1 Samuel 17:15-58. Sino ang sinabi ng Dios na pumatay kay Goliath? ____________, talatang 49.

Mateo 5:22 - "Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid _________ ______________________ ay mapapasa panganib sa kahatulan…" Sa NIV ay inalis ang mga salitang "nang walang dahilan."

Sa Marcos 3:5 ay tinutukoy ang Panginoong Jesu-Cristo - "At nang Siya'y lumingap sa kanila sa palibotlibot na may ___________…" Ang Panginoong Jesu-Cristo ay nagalit at mayroon Siyang tamang dahilan!

Basahin ang Lukas 4:4 - "…Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita ng Dios." Walang nakalagay sa NIV na "kundi sa bawat salita ng Dios."

2 Timoteo 3:12 - "Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay magtitiis ng mga pag-uusig."

Sa NIV mababasa "Sa totoo, bawat isa na ibig mabuhay sa kabanalan ay uusigin." Sinabi sa atin ng Dios na ang pag-uusig ay darating doon sa mga "mamumuhay" hindi lamang doon sa mga "nais mamuhay" o sa iba namang salin ay "gustong mamuhay." Ang pamumuhay na may kabanalan ay magdadala ng pag-uusig. Ang pagnanais na mamuhay o gustong mamuhay na may kabanalan ay lubhang kakaiba sa talagang namumuhay.

Filipos 4:19 - "At ibibigay ng aking Dios ang bawa't ______________ ninyo ayon sa Kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus." Ang kailangan ay pang-isahan. Ang kailangan na ibibigay ng Dios ay espiritwal, ayon sa mga kayamanan na nakay Cristo Jesus.

NIV - Filipos 4:19 – "Ang aking Diyos ay magbibigay ng lahat ninyong kailangan…"
Ang kailangan ay pang-maramihan. Ang mga bagong biblia ay ginawang nangangako ang Dios na ibibigay ang lahat nilang mga kailangan!

Colosas 1:14 - "Nasa Kaniya ang ating katubusan, sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, maging ang kapatawaran ng ating mga kasalanan." Sa NIV ay inalis ang "sa pamamagitan ng Kaniyang dugo." Purihin ang Dios sa dugo ng Kaniyang Anak. Walang katubusan kung walang dugo!

1 Corinto 6:18 - "Magsitakas kayo sa pakikiapid…" Sinasabi sa NIV - "layuan ninyo ang seksuwal na imoralidad…" Walang duda na ang Dios ay sinasabihan tayo kung ano ang tatakasan ayon sa KJV. Ang dapat lang nating gawin ay alamin kung ano ang kahulugan ng salitang pakikiapid na ating matatagpuan sa anumang diksyunaryo. Sinabi sa NIV ay "seksuwal na imoralidad". Sa ngayon ano ba ang itinuturing na imoral? Ang moralidad ay base sa tinatanggap na ugali sa ating lipunan. Lahat ng uri ng kasalananang sekswal ay tanggap na ngayon dahil ang "moralidad" ay nagbago na sa ating lipunan. Ang kahulugan ng salitang pakikiapid ay nanatiling ganoon at ang salita ng Dios ay malinaw tungkol dito.

Ang New King James bible ay kinuha rin mula sa maling teksto katulad ng ibang mga bagong biblia. Hindi ito bago, o pinagandang KJV. Ito ay bagong biblia mula sa kakaibang teksto na ginamit sa KJV. Ang mga nagsalin ay nagsabi na pinalitan lang nila ang mga mahihirap na salita ng madaling maintindihang mga salita. Higit pa doon ang ginawa nila. Ito ay may mahigit 100,000 na pagbabago mula sa KJV.

KJV - Ezra 8:36a - "At kanilang ibinigay ang mga bilin ng hari sa mga satrapa ng hari…"
Ang NKJV ay pinalitan ng _____________ ang salitang satrapa. Ginawa ba nitong mas madaling maintindihan ang kahulugan? Oo / Hindi

Ang mga tagapagsalin ng NKJV ay nagsabi na sila ay interesado sa daloy ng kaisipan o "dynamic equivalency." Sila ay interesado sa kaisipan o ideya. Ating nalaman sa nakalipas na aralin na sa mga salita interesado ang Dios, hindi lamang sa pangkalahatang ideya.

Sa 2 Timoteo 2:15 ay sinasabi sa atin na mag-aral at kung papaano pag-aaralan ang aklat ng Dios. Dapat nating "hatiin ng tama ang salita ng katotohanan." Ang mga bagong biblia ay pinalitan ang katagang ito ng "tamang hinahawakan ang salita ng katotohanan." Ang mga salita ay magkaiba ng ibig sabihin. Hatiin ng tama ay nangangahulugan na hatiin ng tuwid at inaalam ang mga dibisyon na inilagay ng Dios sa Kanyang aklat; katulad ng pagkakaiba sa pagitan ng "Hula" at "Hiwaga"; ang pagkakaiba sa "Nakalipas na Panahon" at "Ngunit Ngayon" at "Sa Mga Darating na Panahon." "Maayos na hinahawakan" ay nagtuturo ng kakaiba kumpara sa KJV. Pwedeng sabihin natin na kapag hinahawakan mo ang iyong biblia, ay dapat kang maging maingat sa paghawak nito. Ito ay pangunahing talata para sa isang estudyante ng Biblia upang maunawaan at maging kapaki-pakinabang ang Biblia sa kanya. Kung si Satanas ay magtatagumpay na lituhin ang estudyante ng Biblia sa talatang ito, ang ebanghelyo ni Pablo ay patuloy na mananatiling nakatago sa kanya.

Ang KJV ang tanging Biblia na gumamit ng salitang "Kalbaryo" - Lukas 23:33 at "Lucifer" - Isaias 14:12. Hindi mo ito makikita sa ibang biblia. Ang Kalbaryo ay mahalaga bilang lugar kung saan ang Tagapagligtas ay namatay. Ang Lucifer ay mahalaga bilang pangalan ni Satanas. Si Satanas ay gustong manatiling walang pangalan at gustong manatiling isang ilusyon sa halip na tunay na persona. Ang pagkakaroon ng totoong pangalan ay makakatulong upang makilala siya bilang totoong persona at isa na may planong masama laban sa layunin at plano ng Dios.

Ang isang argumento laban sa King James Bible ay ang mga bagong salin ay madaling basahin. May nagsabi na ang mananampalataya ay dapat ng palitan ang KJV ng mga bagong salin sa dahilang ito. **Ang mga bagong salin ay hindi madaling basahin!** May mga obhektibong pagsusulit na pwedeng gawin sa mga aklat upang magbigay ng hatol sa antas ng pagbasa. Ang isang paraan ng pagsusulit na ito ng Flesch-Kincaid Research Company Grade Level Indicator ay nagpapakita na ang KJV ay mas madali ng 23 mula sa 26 na pagkukumpara. Ang KJV ay nangangailangan ng reading level na grade 5.8, ang NIV ay nangangailangan ng grade 8.4, at ang New King James ay nangangailangan ng reading level na 6.9. Ang lahat ng mga bagong salin ay pinapalabas na "madaling basahin." Hindi ito totoo.

Ang mga sumusunod ay listahan ng mga aklat na pwede mong bilhin para sa iyong pagpapatuloy ng pag-aaral tungkol sa mga salin ng Biblia. Maraming mga Cristiano ang alam na maraming mga salin ng biblia ngunit hindi nila alam ang mga problema sa mga bagong salin o hindi nila alam ang mga impormasyon na ating napag-aralan.

**Final Authority** by William P. Grady, ISBN 0-9628809-1-4

**New Age Versions** by G.A. Riplinger, ISBN 0-9635845-0-2

**A Testimony Founded Forever** by James H. Sightler, MD, ISBN 09673343-0-6

**The King James Version Defended** by Edward F. Hills, ISBN 0-915923-009

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________________________

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Pang-Labing-Anim na Aralin**

2 Timoteo 3:16,17

**Pang-Labing-Pitong Aralin**

2 Pedro 1:21

**Pang-Labing-Walong Aralin**

Mga Awit 12:6,7

**Pang-Labing-Siyam na Aralin**

Colosas 1:25

**Pang-Dalawampung Aralin**

2 Timoteo 2:15

**Ilagay ang pangalan at petsa** _______________________________________________

*(Inside Back Cover)*

Binabati ko kayo sa pagtatapos ng huling aklat na ito para sa Mga Minero!

Sa aklat na ito ng Jasper ay pinag-aralan natin ang mga bagay na nasa puso ni Pablo nang iwan nya ang mga banal. Pinag-aralan din natin ang panawagan ng Dios sa Kanyang Iglesya. Wala na akong ibang pwedeng sabihin, maliban sa magpatuloy kayo sa pag-aaral, pagpupuri sa Panginoon, at minsan isang araw ay makakasama ninyo ang ating Manunubos, Tagapagligtas at Panginoong Jesu-Cristo!

**Pastor Buck**

**Ang Awitin ng Mga Minero**

Sa minahan kami ay pupunta
Sa minahan kami ay pupunta
Maghuhukay sa Salita ng Diyos
Ang Kanyang mga kayamanan
ay aming malalaman.

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Nabuhos ang Kanyang dugo
para sa lahat nating mga kasalanan
Nasa Kanya nakatago ang ating mga kayamanan.

Siya ay naging mahirap
Siya ay naging mahirap
At tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan
Ay magiging mayaman magpakailanman.

Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Matuwid na tayo sa Kanyang trono
At patungo na tayo sa kalangitan.